U.S. Department of Justice Community Relations [kaugnayan sa kommunidad] Service

Pagbibigay Kapangyarihan sa mga Estudyante

Upang Kilalanin at Tukuyin nang Sama-Sama ang mga Pagtatalo sa Paaralan

Ang United States Department of Justice Community Relations Service (CRS) ay tinutulungan ang mga estudyante na tukuyin ang mga pagtatalo sa pamamagitan ng kanilang program na **S**tudent **P**roblem **I**dentification & **R**esolution of **I**ssues **T**ogether (School-SPIRIT) [sama-samang pagkilala ng mga problem at paglutas ng mga usapin]. Tinutulungan ng program na tukuyin ang pagkabahala at pagtatalo na may kinalaman sa mga usapin tungkol sa lahi, kulay, pinanggalingang bansa. kasarian, pagkilala ng kasarian, kiling pang-sexual, pananampalataya, o kapansanan.

Kasama ng mga nasanay na mga boluntaryo, dinadala ng CRS ang programang School-SPIRIT, kung alin nagsasama-sama ng mga magkaibang grupo ng mga estudyante upang kilalanin at tukuyin ang mga usapin sa buong araw o dalawa't kalahating araw. Pinapatakbo lamang ng mga estudyante ang programa at tinutulungan ang mga estudyante na magbuo ng mga kakayahan pampaglutas ng mga problema, kabilang ang pagkikilala at pagpauna-unahin ng mga usapin, pagpapasya, at pagpapaunlad ng kalutasan. Ang kinasasapitan, aakuhin ng mga estudyante ang papel ng pinuno sa pagtutukoy ng mga pagtatalo sa kanilang paaralan at pauunlarin ang kanilang mga karunungan at kakayahan upang udyokin ang mga estudyante sa mga hinaharap na pagtatalo.

Bakit dapat isaalang-alang ng mga paaralan ang School-SPIRIT?

Paunlarin ang mga kakayahang pampamumuno ng estudyante sa pamamagitan ng pagbigay-kapangyarihan na kilalanin at tukuyin ang mga pagtatalo sa kanilang paaralan

Pinahuhusay ang pagtutulungan ng mga estudyante at mga ibang kasapi sa komunidad ng paaralan

Pinagsasama ang mga magkaibang grupong estudyante upang matuklasan ang mga pagkakaayon at paunlarin ang paggalang

Dinagdagan ang mga kakayahan ng estudyante pampaglutas ng problema sa pamamagitan ng paggamit ng limang-hakbang na pamaraan upang kilalanin ang mga usapin at magbuo ng mga kalutasan

Pinagaganda ang karunugan ng paaralan na tukuyin ang mga saligang pagtatalo sa pamamagitan ng pagtayo ng lupon ng mga pinunong estudyante upang makitulong sa mga nangangasiwa upang tuparin ang mga kalutasan nang sama-sama

Buod ng Programa

1. Pagkilala ng usapin Nagsasagawa ang mga estudyante sa maliliit na grupo upang kilalanin ang mga usapin na may-epekto sa kanilang paaralan, kabilang kung ano ang nakakabuti at kung ano ang dapat baguhin. Pagkatapos mag-uulat ang mga maliliit na grupong ito sa mga mas malaking grupo,

2. Pag-uunahin ng mga Usapin Sa mga usapin na kinilala ng mga maliliit na grupo, kinikilala at inuuna-una ng mga student ang mga pagkabahala na pinakamahalagang tukuyin sa kanilang paaralan.

3. Pagbubuo ng mga Kalutasan Muling itatalaga ang mga estudyante sa mga bagong maliliit na grupo upang magbuo ng mga kalutasan para sa mga kinilalang pinag-una-unang usapin. Pag-uusapan nila ang mga maaaring epekto at kalalabasan ng bawat maaaring kalutasan at mag-uulat ng kanilang nahanap sa mas malaking grupo.

4. SPIRIT Council Mamimili at maghihirang ang mga kalahok ng estudyante ng mga kawani sa isang SPIRIT Council. Ang Council ay isang pirmihang grupong may-sadyang layunin na binubuo ng mga pinunong estudyante na nagsasagawa kasama ang mga nangangasiwa ng paaralan upang tuparin ang mga kalutasang nabuo habang nagaganap ang School-SPIRIT program.

5. Pag-uulat at Pagtitipon ng SPIRIT Pinagsasama ng CRS ang mga pagtugon at impormasyon na natipon habang nagaganap ang programang School-SPIRIT upang maglabas ng ulat. Pinatitipon ng CRS ang SPIRIT Council at mga pinuno ng paaralan upang i-review ang ulat at paunlarin at tuparin ang mga tiyak na hakbang sa pagkilos upang tukuyin ang mga salik na nagiging dahilan ng mga pagtatalo na pinag-usapan habang

Tungkol sa CRS

Itinatag ng Title X ng Civil Rights Act noong 1964, ang mga serbisyo ng CRS ay pinalawak ng Matthew Shepard at James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act ng 2009. Ang CRS, isang bahagi ng United States Department of Justice, ay nagsisilbi bilang “America’s Peacemaker” para sa mga komunidad na humaharap ng pagkabahala o pagtatalo batay sa pagkakaiba ng lahi, pagkilala ng kasarian, kiling pang-sexual, pananampalataya, at kapansanan. Sa pamamagitan ng mga serbisyong pinagkakaloob ng CRS, dinadagdagan ng sangay ang kakayahan ng mga kasapi ng komunidad, nang nakapag-iisa at sama-sama,na pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpapataas ng kaalaman, at pakipag-usapan sa kani-kanila.

Mga Programa ng CRS

Nagkakaloob ang CRS ng isang hanay ng mga programa sa mga komunidad na nagdadanas ng pagkabahala, bilang gamit upang patubuin ang pakipag-uunawaan, pahusayin ang pakipagtulungan, at hadlangan ang mga hindi pagkasundo sa hinaharap. Ang tauhan ng CRS ay mga propesyonal na tagapamagitan, facilitator tagapadali, tagasanay at kasangguni na may karanasan sa pagsasama-sama ng mga kasapi sa komunidad upang dagdagan ang kanilang kakayahang lutasin ang mga umiiral na pagtatalo at pigilan ang mga pagtatalo sa hinaharap.

Saan Kami Nagsasagawa

CRS Headquarters
[punong himpilan]
Washington, DC

Mga CRS Regional Office
[sangay pampook]

New England
Boston, MA

Northeast
New York, NY

Mid-Atlantic
Philadelphia, PA

Southeast
Atlanta, GA

Midwest
Chicago, IL

Southwest
Dallas, TX

Central
Kansas City, MO

Rocky Mountain
Denver, CO

Western
Los Angeles, CA

Northwest
Seattle, WA

Mga CRS Field Office
[sangay panglarangan]

Miami, FL
Detroit, MI
Houston, TX
San Francisco, CA



Hanapin kami, makiugnay sa amin

www.justice.gov/crs

facebook.com/DOJCRS/ @DOJ_CRS askcrs@usdoj.gov 202.305.2935

Upang makiugnay sa alinman sa aming mga regional o field office tungkol sa pagsasanay, paki-dalawin ang:
https://www.justice.gov/crs/about-crs/regional-and-field-offices